



Pangalan: _____

Linggo: _____

Baitang&Pangkat: _____

Petsa: _____

SANAYANG PAPEL #1: KONSEPTO NG PAG-UNLAD



GABAY

PinakamahalagangKasanayangPampagkatuto (MELC): Nasisiyasat ang mga palatandaan ng pambansang kaunlaran.

Pagkataposagutan ang sanayangpapelnaito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. naiisa-isa ang mga palatandaan ng pag-unlad at pagsulong ng bansa;
2. nakapagmamasid ng masusi sa mga palatandaan ng pag-unlad ng kani-kanilang mga lugar.; at
3. nakapagpapakita ng concept map na may kinalaman sa pag-unlad.



ENGGANYO

KONSEPTO NG PAG-UNLAD

Batay sa diksyonaryong **Merriam-Webster**, ang pag-unlad ay pagbabago mula sa mababa patungo sa mataas na antas ng pamumuhay. Ito ay maaaring iugnay sa kaisipang pagsulong.

Ayon sa aklat ni **Feliciano R. Fajardo** na ECONOMIC DEVELOPMENT (1994), inilahad niya ang pagkakaiba ng pagsulong at ang pag-unlad. Ayon sa kanya, ang pag-unlad ay isang progresibo at aktibong proseso. Ang pagsulong naman ay bunga ng prosesong ito. Kung gayon, ang pagsulong ay produkto ng pag-unlad. Halimbawa ang makabagong pamamaraan ng pagtanim ng palay ay kinapapalooban ng isang proseso, ito ang pag-unlad. Ang resulta nito ay mas maraming ani, at ito ang pagsulong.

Ayon pa din kay Fajardo, ang pagsulong ay nakikita at nasusukat. Ang halimbawa nito ay ang mga daan, sasakyan, kabahayan, gusali, pagamutan, bangko, paaralan, at marami pang iba. Ang mga ito ay resulta ng pag-unlad. Subalit hindi doon nagtatapos ang pag-unlad. Dapat itong makalikha ng mas marami at lalong mabuting produkto at serbisyo. Kabilang pa sa pagpapakita ng pag-unlad aniya ay ang pagpapabuti ng kondisyon ng buhay ng mga tao, gaya ng (1) pagbaba ng antas ng kahirapan, (2) kawalan ng trabaho, (3) kamangmangan, (4) di-pagkakapantay-pantay at (5) pananamantala.

Samantala, Ayon naman Kay **Michael P. Todaro** at **Stephen C. Smith** sa kanilang aklat na ECONOMIC DEVELOPMENT (2012), may 2 magkaibang pananaw ang pag-unlad.

TRADISYUNAL NA PANANAW-binibigyang-diin ang pag-unlad bilang pagtatamo ng patuloy na pagtaas ng antas ng income per capita nang sa gayon ay mas mabilis na maparami ng bansa ang kanyang output kaysa sa bilis ng paglaki ng populasyon.

MAKABAGONG PANANAW-ang pag-unlad ay dapat kumakatawan sa malawakang pagbabago sa buong sistemang panlipunan. Dapat ituon ang pansin sa iba't ibang pangangailangan at nagbabagong hangarin ng mga tao at grupo sa nasabing sistema upang masiguro ang paglayo mula sa di-kaaya-ayang kondisyon ng pamumuhay ng tao tungo sa kondisyon na mas kasiya-siya.



DIVISION OF GEN. TRIAS CITY

Project ISuLAT- ACTIVITY SHEETS INARALING PANLIPUNAN 9 (Intensified Support to Learning Alternatives Through Activity Sheets)

Mula naman sa aklat ni Amartya Sen na “Development as Freedom” (2008), ipinaliwanag nya na matatamo lamang ang kaunlaran kung “mapapaunlad ang yaman ng buhay ng mga tao kaysa sa yaman ng ekonomiya nito”. Maisasakatuparan lang kung (1) mawawala ang kahirapan, (2) diskriminasyon at hindi pagkakapantay-pantay, at iba pang salik na naglilimita sa kakayahan ng mga mamamayan.

Sources: Department of Education. Project EASE Module (Konsepto ng pag-unlad) p. 343-344. Pasig City, Philippines



TALAB

Panuto: Isulat ang salitang **PAG-UNLAD** kung ang pahayag ay nagsasaad ng pag-unlad at **PAGSULONG** naman kung ang pahayag ay nagsasaad na may pagsulong. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

- _____ 1. Pagbabago mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pamumuhay.
- _____ 2. Nagtataasang gusali at naglalakihang kalsada.
- _____ 3. Isang progresibo at aktibong proseso.
- _____ 4. Nakikita at nasusukat.
- _____ 5. Isang progresibong proseso sa pagpapabuti ng kondisyon ng tao tulad ng pagbaba ng antas ng kahirapan, kawalan ng trabaho, kamangmangan, di-pagkakapantay-pantay at pananamantala.
- _____ 6. Ang mga halimbawa nito ay mga daan, sasakyan, kabahayan, gusali, pagamutan, bangko at paaralan.
- _____ 7. Pagtatamo ng patuloy na pagtaas ng antas ng income per capita nang sa gayon ay mas mabilis na maparami ng mga bansa ang kanyang ouput kaysa sa lumalaking populasyon nito.
- _____ 8. Dapat na kumakatawan sa malawakang pagbabago sa buong sistemang panlipunan.
- _____ 9. Mahalagang bigyang-pansin ang pagtanggap sa mga ugat ng kalayaan tulad ng kahirapan, diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay na naglilimita sa kakayahan ng mga mamamayan.
- _____ 10. Mapapaunlad ang buhay ng isang tao kaysa ekonomiya nito.



RUBDOB

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung ang pahayag ay nagsasabi ng pag-unlad at (x) naman kung hindi.


	1. May pag-unlad kung may natataasang gusali at naglalakihang kalsada.
	2. May pag-unlad kung mababa ang GNP at GDP ng bansa.
	3. May pag-unlad kung may makabagong teknolohiya at makinarya.
	4. May pag-unlad kung walang demokrasya.
	5. May pag-unlad kung napangangalagaan ang kalikasan.
	6. May pag-unlad kung tumataas ang export ng bansa.
	7. May pag-unlad kung dumarami ang dayuhang mangangakal sa bansa.
	8. May pag-unlad kung ang bayan ay naging lungsod.
	9. May pag-unlad kung may mataas na pasahod.
	10. May pag-unlad kung karamihan sa mga mamamayan ay walang trabaho.

Pamprosesong tanong:

1. Alin sa mga pahayag ang higit na nararanasan ng iyong lipunan? _____
2. Sa iyong palagay, ano ang maaaring maging balakid sa pagpapatuloy ng pag-unlad ng ating bansa? _____
3. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagkamit ng pag-unlad ng iyong bansa? _____



Panuto: Punan ng mga datos upang mabuo ang concept map. Gawing gabay ang mga nasa loob na ng kahon.





DIVISION OF GEN. TRIAS CITY

**Project ISuLAT- ACTIVITY SHEETS INARALING PANLIPUNAN 9
(Intensified Support to Learning Alternatives Through Activity Sheets)**

Reference:

Department of Education. Project EASE Module (Konsepto ng Pagunlad) p. 343-345.
Pasig City, Philippines

TEACHER'S FEEDBACK

SELF-MONITORING

Pangalan: _____

Linggo: _____

Baitang&Pangkat: _____

Asignatura: _____

Para sa Mag-aaral(Tapusin mgapangungusap)	
Nahirapanakongunawain at gawin / sagutan ang bahaging...	
Nadalianakongunawain at gawin / sgutan ang bahaging ...	
Kailangan ko pa ng tulongupanglalongmaunawaan ang	
Para samagulang(Lagyan ng tsek ang inyongsagot)	
Nagawa ng akinganak ang mgapagsasanay ...	Ang akinganak ay ...
Nangsiyalamang mag-isa, walangtumulong	Nasagutan ang lahat ng mgapagsasanay
na may kauntingtulongsapagsasagotmulasaiba	Nasagutan angibangpagsasanay at ang iba ay hindi
Namaraming hiningingtulongsapagsasagotmulasaiba	Hindinasagutan ang lahat ng pagsasanaydahilmasyadongmahirap